IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# MGA GINAWARANG AKDA NI GERMAN V. GERVACIO: ISANG ISTAYLISTIKO AT PORMALISTIKONG PAGSUSURI

Louwill Marie P. Cesar, Juvy Ann E. Francisco, Fe N. Conui, Dorothy Ann G. Dominisac, Mark Anthony P. Yungao

*College of Education, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.15870280

**ABSTRACT**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga ginawarang akda ni German V. Gervacio gamit ang Istaylistiko at Pormalistikong teorya. Sinuri ang kanyang premyadong tulang pambata, maikling kuwento, at kuwentong pambata na nagwagi sa *Carlos Palanca Memorial Awards*. Ginamit ang disenyo ng pananaliksik na kwalitatibo, partikular ang *content analysis*, upang matukoy ang mga tayutay, istilo, at malikhaing elementong ginamit sa mga akda at maunawaan ang mga salik na posibleng nagbigay-daan sa pagkilala sa kanyang mga malikhaing akda. Upang makasuri ng mga datos sa pag-aaral na ito, tumungo ang mga mananaliksik sa *website* ng *Carlos Palanca Memorial Awards* para makahanap ng tanging listahan sa mga nagwaging maikling kuwento, tula, at kuwentong pambata ni German V. Gervacio sa iba't ibang taon na nakakuha ng unang premyo na siyang may pinakamataas na parangal. Gayundin, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik kay German V. Gervacio na siyang hudyat sa pagsisimula ng pag-aaral. Natuklasan sa pag-aaral na ang masining na paggamit ng metapora, iperbole, personipikasyon, at iba pang tayutay na nagbigay-buhay sa mga akda. Bukod dito, lumitaw ang natatanging istilo ng may-akda sa pagsasalaysay, na kinabibilangan ng masining na paglalarawan, malikhaing estruktura, at epektibong paggamit ng wika. Ipinapakita ng pag-aaral na ang kumbinasyon ng mga elementong ito ay mahalaga sa tagumpay ng kanyang mga akda at sa kanyang paglikha ng mga makabuluhang akdang pampanitikan.

**Keywords:** *istaylistiko, pormalistiko, tayutay, malikhaing pagsulat, Carlos Palanca Memorial Awards*

## INTRODUKSYON

Sa panahong ito ng teknolohiya at edukasyong maka-global, mahalaga pa ring balikan ang mga ugat ng pagka-Pilipino tulad ng mga sinaunang panitikan at mga panitikan sa rehiyon sapagkat ang mga kaisipang nagmumula sa mga ito ay magbibigay ng pag-unawa kung sino ang mga Pilipino. Sinasabing nagsisilbing tanglaw ang panitikan upang maging bukas ang isipan ng tao at binibigyang pintig nito ang puso ng bawat isa. Dahil sa panitikan, nagkakaroon ang mga tao ng pagkakataon na umunawa ng mas malalim sa mga katotohanan na nangyayari katulad sa iba't ibang nakagawiang tradisyon at nakasanayang kultura ng mga Pilipino.

Ang mga akdang pampanitikan gaya ng mga sinaunang anyo ng kwento, maikling kuwento, at tula sa piling lathalain maging sa pasulat o pasalita man ay sinasabing nanghihikayat sa mambabasa ng malalim na pag-iisip sapagkat ang bawat uri nito ay may katangi-tanging anyo ng karunungang may mataas na antas ng kaisipan, damdamin, at pananalita na sa mga teksto lamang mababasa at matatagpuan.

Sa paglikha ng mga sining kabilang ang iba't ibang anyo ng panitikan ay magiging mabisang instrumento ito upang mapagbago ang damdamin at isipan ng tao, at mapakilos ayon sa idinidikta ng puso at isip (Nibalvos, 2019). Ang sining ay tunay na may potensyal na humubog sa mundo at bigyang-kulay ang buhay ng mga tao. Dinadala ng sining ang isipan at damdamin ng tao sa mga bagay na hindi nila lubos naiisip. Maaari itong lumikha ng mga kilusang panlipunan at gumawa ng mga rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan. Higit sa lahat, isa ito sa mga kapamaraanan upang makikilala at maipakita ng isang tao ang kanyang kahusayan at talento. Ang kanyang pinanggalingan maging ang kulturang kanyang kinagisnan ay mababakas sa kanyang likhang sining.

Ang pagkahilig ng mga Pilipino sa panitikan ay malapit na nauugnay sa mga damdaming nararamdaman ng tao sa pang-araw-araw na gawain. Samakatuwid, ang pagkilala sa mga katangi-tanging akda ng mga hindi mabilang na mga manunulat sa kasalukuyan ay binigyang-pansin at mas lalo pang pinahalagahan sa pamamagitan ng paggawad sa mga akda nito. Isa na rito ang *Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* na itinatag noong 1950. Ito ay ipinangalan kay Don Carlos Palanca Sr. Ang layunin nito ay paunlarin ang panitikan ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibo para sa mga manunulat na likhain ang kanilang pinakanamumukod-tanging mga akdang pampanitikan, sa pamamagitan ng pagiging isang kayamanan ng mga hiyas na pampanitikan ng Pilipinas mula sa mga magagaling na manunulat, at sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang pagpapalaganap sa mga Pilipino, partikular na sa mga mag-aaral. Nagbibigay ito ng inspirasyon at pagkilala sa mga manunulat ng Pilipinas, kabilang ang mga makata, *playwriter* at *screenwriter*, at manunulat ng mga panitikang pambata. Ang ganitong paggawad ay kakikitaan na hindi nawawala ang kahalagahan ng bawat piyesang ginawa at patuloy pa itong nanghihimok ng mga naghahangad na maging isang mahusay at tanyag na manunulat sa kasalukuyang henerasyon.

Sa dami ng mga mahuhusay na manunulat sa Pilipinas ay pinili ng mga

mananaliksik na makilala at malaman ang kanyang sariling pamamaraan o istilo ng pagsusulat ng panitikan ni German V. Gervacio. Ang mga akda ni German V. Gervacio ay nakitaan ng mga mananaliksik ng kakaibang katangian na siyang pumukaw sa interes ng mga mananaliksik na tuklasin ang kakaibang pamamaraan ng kanyang pagsusulat na hindi makikita sa ibang akda tulad na lamang sa kanyang kakayahang gumamit ng mga tayutay, istaylistiko, at pormalistikong kasangkapan sa kanyang mga akda, gaya ng tulang pambata, maikling kuwento, at kuwentong pambata na ginawaran ng Gawad Palanca Memorial Awards. Sa kabuuan, ang istilo ni German V. Gervacio ay nakaugat sa kakayahan niyang maglahad ng karaniwang bagay sa di-karaniwang lente na nagiging daan upang magdala ng malalim na mensahe at emosyon sa kanyang mga mambabasa. Ang kagustuhang makilala at malaman ang kahinaan at kalakasan ng bawat akda na kanyang nilikha ay nakapag-udyok na pag-aralan at alamin ang mga salik na maaaring dahilan ng kanyang pagkapanalo sa *Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature.*

Ayon kina Orguino at Acala (2021) na makikita sa pag-aaral ni Aguila (2017), ang panitikan diumano ay nag-eengganyo na maglaro, tumuklas ng ibang mundo, gumamit ng mga imahinasyon, at makaranas ng iba't ibang yamang dulot ng emosyon o damdamin. Sa pamamagitan ng maikling kuwento ay naipamamalas ng manunulat ang mensaheng nais niyang ikintal sa isip ng mga mambabasa na kapupulutan ng mga aral ng nakararami.

Dagdag pa ni Villafuerte (2000), ang pagsusuri sa panunuring pampanitikan ay hindi lamang nagsusuri o nagbibigay kahulugan sa mga nagaganap sa daigdig, kundi ito ay isang paraan ng pagsusuri sa kabuuan ng tao. Samakatuwid, sa pagsusuri ay hindi lamang ito tumutukoy sa pagtuklas sa mga nakatagong kahulugan ng mga salita kundi maging sa pangkabuuang pag-unlad ng isang tao. Ang mga pag-aaral at ang iba’t ibang akdang nabasa na may kaugnay sa pananaliksik ay naging malaking tulong upang magsilbing gabay at makakuha ng ideya para sa pagpapabuti at pagpapatibay ng pag-aaral na ito.

Ang panitikang Pilipino ay nagsisilbing pamana na umuukit sa ating pagkakakilanlan o identidad. Binanggit ni Nibalvos (2019) ang pahayag nina Perez-Semorlan na ang nakaraan ng isang bansa ay bahagi ng kasaysayan nito na kailangang balikan dahil sinasalamin ang tunay na kaugalian ng mga mamamayan nito. Binigyang-diin ni Lumbera, ayon pa rin sa pag-aaral ni Nibalvos na kapag lumilikha ang isang manunulat, laging nakatatak sa akda ang kultura at kasaysayan ng isang partikular na lipunan o panahon.

Ang pag-aaral ni Aguila (2017) ay isang deskriptibong pag-aaral na isinagawa upang matuklasan kung ang mga nagwaging kuwentong pambata ay nagtataglay ng mga katangiang naaayon sa mga pamantayan nina Norton (2003), Lukens (1995), at Mcguire (1982) na nagsasaad na mahalaga ang pagbibigay-diin sa mga elementong literari sa pagsusuri ng isang kuwento.

Ang panitikan ay isang produkto at isang komentaryo sa iba’t ibang gawain ng buhay, at lubos lamang itong mauunawaan kung ito ay isabuhay kahit pansamantala lamang sang-ayon kay Arbasto, (2019). Masasabing ang panitikan ay kahapon, ngayon, at hinaharap ng isang bansa dahil ito ay kakikitaan ng repleksyon ng pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa kanyang ginagalawang lipunan.

Ang pag-aaral ni Mandado (2020) ay nakatuon na mailahad, masuri at makilala ang kahalagahan ng maikling kuwento ni Patrocinio V. Villafuerte na nagkamit ng gantimpala mula sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature kung saan ang tatlong akda ay nakatanggap ng papuri. Sa pag-aaral na ito ang mga elementong literari tulad ng tauhan, tagpuan, banghay, tema at damdamin; nailalahad na ugnayang panlipunan; at realismong pananaw sa mga akdang naisulat ay siyang binigyang tuon.

Ayon sa pag-aaral ni Gorumba (2019) ay kanyang natuklasan na magiging gabay ng mga kabataan sa kanilang pakikipagsapalaran tungo sa pagbabago ang mga kwento at mapahahalagahan ang mga karanasan na siyang nagbibigay ng panibagong anyo ng kanyang buhay. Sa mga kwento ay inilalarawan din ang mga pagpapahalaga na dapat malaman ng mga mag-aaral dahil may malaking implikasyon ito sa kanilang buhay at makatutulong ito sa pagtahak sa tamang landas at gayundin sa paghubog ng kanilang kaugalian tungo sa ikabubuti ng sarili at kapwa.

Ang isang pag-aaral ni Adigue (2023) ay nagsasaad na pinanatili ng mga bata ang itinuro sa kanila hanggang sa pagtanda. Kaya naman, mas mabuting turuan ang mga bata na magbasa ng maikling kwentong pambata sa murang edad upang lumawak ang kanilang pang-unawa at kamalayan sa mga isyung panlipunan, lalo na ang mga tumatalakay sa pagbabago ng klima.

Ang mga nabanggit na mga kaugnay na mga teorya, literatura at pag-aaral ay may malaking kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral na inilapat ng mananaliksik sa kanilang pag-aaral. Naniniwala silang makakatulong ang mga nabanggit na mga literatura at pag-aaral para sa malalim na pag-uunawa upang masuri at mapagtibay ang mga nasabing akda, para sa pagsasakatuparan sa mga hangarin ng kanilang pag-aaral.

**Mga Suliranin ng Pag-aaral**

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay masuri ang mga ginawarang akda ni German V. Gervacio tungo sa pagsusuri sa mga kasangkapang pampanitikan at pagtuklas sa posibleng mga salik na nagpanalo sa mga akda nito.

1. Ano-anong mga tayutay ang ginamit ni German V. Gervacio sa pagsulat ng kanyang mga napanalunan sa Gawad Palanca Memorial batay sa:
   1.1 Tulang Pambata;
   1.2 Maikling Kuwento; at
   1.3 Kuwentong Pambata?
2. Ano-anong mga istaylistiko at pormalistikong kasangkapan ang posibleng nagpanalo sa mga ito batay sa sumusunod na mga salik:
   2.1 Istilo; at
   2.2 Pagkamalikhain?

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pananaliksik na ito ay isang panunuring pampanitikan na gumamit ng *content analysis* na naglayong masuri ang mga akda ni German V. Gervacio na nagwagi sa *Carlos Palanca Memorial Awards*. Ang deskriptibong pananaliksik ay isinagawa sa pamamagitan ng paglalarawan, pagtatala, pagsusuri, at pagbibigay-interpretasyon sa kalikasan o proseso na natukoy.
Lokasyon ng Pag-aaral

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa isang akademikong konteksto kung saan may *access* ang mga mananaliksik sa mga premyadong akda ni German V. Gervacio. Upang makuha at masuri ang kinakailangang datos, ginamit ang opisyal na *website* ng *Carlos Palanca Memorial Awards*, mga *online database*, at aklatan bilang pangunahing mapagkukunan ng impormasyon.

*Pamamaraan ng Pagpili ng Akda*

Ginamit sa pananaliksik na ito ang *purposive sampling*, kung saan sinadya ang pagpili ng mga akda batay sa sumusunod na pamantayan:

1. Dapat ito ay nakatanggap ng unang gantimpala mula sa *Carlos Palanca Memorial Awards*.
2. Ang mga akda ay isinulat mula dekada ’90 hanggang sa kasalukuyan upang matiyak ang pagiging kontemporaryo ng pananaliksik.

Ang mga napiling akda ay nagmula sa tatlong kategorya ng panitikan: tulang pambata, maikling kuwento, at kuwentong pambata.

**Mga Premyadong Akda ni German V. Gervacio**

| Pamagat | Taon | Parangal na Natanggap |
|---|---|---|
| Ang Totoo, Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki (Tulang Pambata) | 2016 | Unang Gantimpala, *66th Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* |
| Sinsil Boys (Maikling Kuwento) | 1999 | Unang Gantimpala, *49th Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* |
| Si Tanya, ang Uwak na Gustong Pumuti (Kuwentong Pambata) | 1998 | Unang Gantimpala, *48th Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* |

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Matapos makuha ang pahintulot mula sa *Ethics Review Board* (ERB) at pagsang-ayon ng may-akda, sinimulan ng mga mananaliksik ang pagsusuri sa mga premyadong akda ni German V. Gervacio. Isinagawa ang pananaliksik sa loob ng apat na buwan noong 2024, na may layuning pang-akademiko at walang *conflict of interest*.

Ginamit ang mga *digital* at pisikal na *archive* upang makuha ang mga akda. Matapos makuha ang mga ito, isinagawa ang masusing pagsusuri gamit ang istaylistiko at pormalistikong teorya upang tukuyin ang mga tayutay, estruktura, at istaylistikong kasangkapan na ginamit sa mga akda. Upang matiyak ang bisa ng pagsusuri, ang mga nakuha at naitalang datos ay ipinakonsulta sa mga eksperto sa larangan ng panitikan para sa balidasyon ng mga datos.

*Instrumento ng Pananaliksik*

Ginamit bilang pangunahing instrumento sa pagsusuri ang mga premyadong akda ni German V. Gervacio. Ang pagsusuri ay isinagawa batay sa mga aspetong tayutay, istaylistikong kasangkapan at pormalistikong kasangkapan.

Sa pagsusuri ng tayutay, maingat na tinukoy at inuri ng mga mananaliksik ang iba't ibang anyo nito. Sinuri rin kung paano nakatulong ang bawat isa sa pagpapalalim ng mensahe ng akda, pagpapaganda ng imahe, at paglikha ng emosyon sa mga mambabasa. Upang maisaayos ang pagsusuri, inilista ang mga natukoy na tayutay sa isang talahanayan, kasama ang halimbawa mula sa akda at ang kaukulang interpretasyon nito.

Sa pagsusuri ng istaylistikong kasangkapan, ginamit ang istaylistikong teorya upang tuklasin ang mga istilong salik, tulad ng antas ng wika, pananaw o paningin, at paglalarawan ng may-akda. Sinuri rin ang pagkamalikhaing salik, kabilang ang paggamit ng simbolismo, ironya, at iba pang kagamitang pampanitikan na nagpapayaman sa akda. Bukod dito, pinag-aralan din ang istruktura ng mga taludtod sa tula at ang organisasyon ng banghay sa maikling kuwento at kuwentong pambata.

Sa pagsusuri ng pormalistikong kasangkapan, ginamit ang pormalistikong teorya upang pagtuunan ng pansin ang elemento, anyo, at nilalaman ng akda. Sinuri rin kung paano nakaapekto ang istilo ng pagkakasulat sa kabuuang estetika ng akda, gayundin ang mga ginamit na simbolismo at ang kanilang kahulugan.

Upang matiyak ang bisa at kawastuhan ng pagsusuri, maingat na binasa at pinag-aralan ng mga mananaliksik ang bawat linya ng akda, pagkatapos ay itinala ang mahahalagang bahagi sa isang talahanayan para sa mas sistematiko ang pagsusuri. Matapos ang pagsusuri, ipinakonsulta ang mga datos sa mga eksperto upang mapanatili ang integridad ng pag-aaral at matiyak ang mas malalim na interpretasyon ng bawat akda.

*Paraan ng Pagsusuri ng Datos*

Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Maikling Kuwento at Kuwentong Pambata:

1. Sinipat ng mga mananaliksik ang mga elementong nakapaloob sa akda.
2. Matapos matukoy ang mga elemento, inuri ng mga mananaliksik kung ang mga ito ay nabibilang sa istaylistiko o pormalistiko.
3. Pagkatapos, iniayos ang mga ito sa magkahiwalay na talahanayan.

Tula

1.Tinukoy ng mga mananaliksik ang mga tayutay, istaylistiko at pormalistikong kasangkapan batay sa dalawang salik na istilo at pagkamalikhain.

2. Sa pagsusuri ng mga tayutay sa mga akda, ginamit ng mga mananaliksik ang dalawang magkaibang pamamaraan ng pag-aayos ng datos. Para sa tulang pambata at kuwentong pambata, inayos ang mga taludtod at pangungusap batay sa pagkakapareho ng mga tayutay na ginamit. Samantala, para sa maikling kuwento, inilatag naman ang mga tayutay batay sa pahina kung saan sila matatagpuan sa teksto. Ang mga pamamaraang ito ay isinagawa upang mapadali ang masusing pagsusuri sa mga tayutay at upang magbigay ng opsyon sa mga mambabasa, ayon sa kanilang *preference* sa pagbabasa at pag-unawa sa akda.

3. Ang paglalahad ng mga tayutay ay isinang-ayon sa orihinal na pahina ng nakalathalang teksto.

*Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay tumuon lamang sa mga ginawarang akda ni German V. Gervacio sa Carlos Palanca Memorial Awards. Sinuri ng mga mananaliksik ang tig-iisang kuwentong pambata (*Si Tanya, ang Uwak na Gustong Pumuti*), tulang pambata (*Ang Totoo, Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki*), at maikling kuwento (*Sinsil Boys*). Nilimitahan ang pag-aaral sa pagsusuri ng mga ginamit na tayutay na isinama ng premyadong awtor na nakatawag-pansin sa mga mananaliksik at mambabasa. Tinalakay rin ng pag-aaral ang mga istaylistiko at pormalistikong kasangkapan na posibleng naging dahilan ng pagkapanalo ng mga akda, kabilang ang mga istilo at ang malikhaing pagganap nito.

## MGA RESULTA

**Talahanayan 1**
**Mga Tayutay sa Tulang Pambata na “Ang Totoo, Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki**

| Blg. ng Taludtod | Mga Nilalaman ng Taludtod | Tayutay na Ginamit |
|---|---|---|
| | Ang Totoo, Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki (Pamagat ng Tula) | Metapora |
| 5 | Mga larawang wala rito, wala roon | Oksimoron |
| 7 | Wala tayong pera... pero sa pamamagitan ng haraya, malilibot natin ang mundo. | Ironiya |
| 10 | Malilibot natin ang mundo | Metapora |
| 11 | Makaaangkas tayo sa batok ni Tinyente Tipaklong | Metapora |
| 12 | Makalululan sa pakpak ni Prinsipe Paruparo | Metapora |
| 13 | Makauupo sa kandungan ni Reynang Ulap | Personipikasyon |
| 14 | Makapaglalambitin sa ningning ni Prinsesang Bituin | Metapora |
| 15 | Makapagsusuot sa daliri ng singsing ni Haring Saturn | Alusyon |
| 16 | Ang ulam nating tuyo, maglalasang *fried chicken* | Oksimoron |
| 17 | Ang tubig mula sa gripo ay malamig na *pineapple juice* | Metapora |
| 21 | Ang ating mga luha ay nagiging ginto. | Oksimoron |
| 22 | Ang sugat sa tuhod ay biglang maglalaho. | Iperbole |
| 23 | May nais ka bang hindi makamtan-kamtan? | Tanong Retorikal |
| 27 | Walang imposible sa haraya. | Pangitain |
| 29 | Ang araw ay rambutang laging nagbabaga. | Metapora |
| 30 | Ang buwan ay itlog ng butiking kalaro mo kanina. | Metapora |

**Talahayanan 2**
**Mga Tayutay sa Maikling Kuwentong "Sinsil Boys"**

| Pahina | Mga Pangungusap Mula sa Maikling Kuwento | Tayutay na Ginamit |
|---|---|---|
| 49 | Lulugo-lugo itong bababa at maghihintay na lang sa pag-aalis muli ng barko at baka sakaling may magpakarga ng bagahe. Subalit sa ganitong sandali'y parang pamimingwit ng pantat sa dagat. | Metapora |
| 49 | Magkano ba ang inabot? Omeng. 'Ube ang hatag' Bolet. | Metapora |
| 50 | May natanaw siyang isang tanod sa may bunganga ng eskinita. | Metapora |
| 51 | Madilim na nang makarating siya sa kalyeng tumutumbok sa sinsilan. | Metapora |
| 51 | Para namang bata ang kalawang na nangungunyapit sa laylayan ng saya ng inang pupunta sa palengke. | Personipikasyon |
| 52 | Isinayaw muna ng hangin ang berdeng papel. Marahang inilipad papunta sa kalumpon ng mga bata. | Personipikasyon |
| 52 | Pangarap nga raw ng kapatid na maging anghel. Gusto nitong magkapakpak para makalipad sa matataas na *building* at pagkalaki-laking perya. | Alusyon |
| 52 | Subalit nagbiro ang hangin. Sumunod ang kawan ng mga bata. | Personipikasyon |
| 52-53 | Sumagi sa alala niya ang larawan ng barko at unti-unti, ang pinagsasabunan niya ay naging dagat at inanod siya sa hindi nalalayong kahapon. | Metapora |
| 53 | Sa P2.30 per kilo, puwede pa nilang mapiga si Mang Ipe sa P20. | Metapora |
| 53 | Lapok at madulas ang pantalan. Noon lang din umulan ng ganoon karaming sinsilyo sa pantalan ng Nasilhig. | Metapora |
| 53 | '*This the plight of children from squatter area. Just across the river, lies Malacanang. But sometimes, children are too small to be seen, their voices, too small to be heard. And oftentimes, these voices are devoured by gnashing of a lowly sinsil.* | Metapora |
| 53 | Noong unang may pumuntang taga-TV, ganoon na rin ang naglalaro sa isipan niya. | Personipikasyon |
| 55 | Lumiliit nang lumiliit ang pantalan | Aliterasyon |
| 55 | Mobalik 'ku Ma. Mobalik 'ku. Balikan ta mo ni Unday…'naibulong ni Buboy sa sarili. Hanggang | Metapora |

| | | |
|---|---|---|
| | sa ang pantalan ay maging isang maliit na nunal na lamang sa nguso ng dagat. | |
| 55 | Nakaiskor siya. Nanlalamig ang pawis niya, pero nakaiskor siya. Nagpalinga-linga siya bago tuluyang iluwa ng eskinita. | Personipikasyon |
| 55 | Kling. Klang. Kling | Onomatopeya |
| 55-56 | Kuyns! Kuyns! Kuyns! | Onomatopeya |
| 59 | Kumruug-kruug ang makina ng barko | Onomatopeya |
| 60 | May pupugak-pugak na liwanag na parang alitaptap sa madilim na bahagi ng salansan ng islab. Pusikit iyon ng mga baga ng sigarilyo. | Simili |
| 60 | Hindi pa man dumudunggo ang barko sa pantalan, manunulay na ang mga ito sa mga lubid at tatalon na sa barko. Parang mga langgam ang mga ito na nag-uunahan sa isang tipak na asukal. | Simili |
| 63 | May pupugak-pugak na liwanag na parang aninipot sa madilim na bahagi ng pantalan. | Simili |
| 72 | Pusikit iyon ng luha ng ina, naisip niya. | Iperbole |
| 73 | Kahit halos maupod na ang gulugod ng kaniyang mga daliri, nagbabasakali pa rin siyang maghimala ang para nang nilamirang bareta ng sabon na mapaputi ang nilalabhan. | Iperbole |
| 74 | Halos malulon naman ang pantalan ng babaeng nakalingkis sa isang Kano, sa laki ng halakhak nito. | Iperbole |
| 75 | Baka naman matunaw na yang t-syirt mo | Iperbole |

**Talahanayan 3**
**Mga Tayutay sa Kuwentong Pambatang "Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti"**

| Pahina | Mga Pangungusap mula sa Kuwentong Pambata | Tayutay na Ginamit |
|---|---|---|
| 4 | Ikaw rin, mukhang lalong kuminis at nagkulay-rosas ang mga binti mo. | Metapora |
| 7 | Bakit naman ako maiingit? | Tanong retorikal |
| 7 | Tingnan mo ang mga balahibo nila, ang puputi. At mamula-mula ang kanilang kutis. Hindi tulad ng sa atin na kakulay ng mga linta sa lawa, parang uling, ang itim-itim. | Simili |
| 7 | Maganda rin naman ang balahibo natin, ah! Kakulay natin ang mga anino ng puno, ang lamig-lamig sa mata. | Ironiya |

| | | |
|---|---|---|
| 7 | Ang linis-linis tingnan. Hindi tulad ng sa atin, na kahit bagong hilamos tayo ay parang maruming tingnan pa rin. | Simili |
| 8 | Umikli man ang leeg ni Gerry Giraffe at pumayat man si Ely Elepante, hindi pa rin magiging puti ang balahibo natin. | Iperbole |
| 11 | Maging ang mahaba at makinis na binti nito ay parang makopa ang kulay. | Simili |
| 11 | Siguradong bukas, sa piyesta, si Maggie ang itatanghal na Little Princess Songbird ng Puerto Prinsesa. | Pangitain |
| 11 | Madalas din siyang nangangarap na siya ang tanghaling *Little Princess Songbird*. Nakasuot siya ng dahon ng ipil-ipil at mayuming-mayuming aawit sa entablado at siya ang magwawagi. | Pangitain |
| 11 | Sa gitna ng palakpakan at "twiit-twiiitt" ng mga manonood. | Onomatopeya |
| 12 | Hindi nga po, eh. Mukha kayong ano… mukhang manok… na namumutla sa takot. | Metapora |
| 14 | Anak, wala namang masama sa kulay natin ah at saka kung hindi dahil sa kulay natin, mahihirapan tayong makapagtago sa mga tao. Baka ngayon ay matagal na tayong kinatay at inihaw ni Andokito. | Paglumanay |
| 14 | Ito ang bigay sa ating kulay ng dakilang lumikha kaya dapat nating ipagpasalamat ito. | Paglumanay |
| 16 | Tay, ganoon ang nangyari sa gubat ng nga korokokok sa Puerto Ormoc? | Onomatopeya |
| 19 | Kayang-kaya naman nitong manalo kahit hindi ito pumuti, lalo at di hamak na mas magaling itong kumanta kaysa sa mga tagak, maski kay Maggie. | Metapora |
| 20 | Lumipad din siya upang palipasin ang sama ng loob sa kaibigan. Lumipad siya nang lumipad habang tumutulo ang kanyang mga luha. | Anapora |

**Talahanayan 4**
**Antas ng Wika na Ginamit sa Tulang Pambata**

| Pambansa | Pampanitikan | Lalawiganin | Balbal | Kolokyal |
|---|---|---|---|---|
| Anak | Ang buwan ay itlog ng butiki | Haraya | | Ngalan |
| pera, eroplano, barko | Makakaangkas tayo sa batok ni Tinyente Tipaklong | Makalululan | | |
| panghimagas | Makalululan sa pakpak ni Prinsipe Paruparo | Tupig | | |
| | Makauupo sa kandungan ni Reynang Ulap | Panutsa | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Makapaglalambitin sa ningning ni Prinsesang Bituin | Siesta | | |
| | Makapagsusuot sa daliri ng singsing ni Haring Saturn | | | |
| | Ang ulam nating tuyo, maglalasang *fried chicken* | | | |
| | Mga larawang wala rito, wala roon | | | |
| | Wala tayong pera... pero sa pamamagitan ng haraya, malilibot natin ang mundo. | | | |
| | Ang tubig mula sa gripo ay malamig na *pineapple juice* | | | |
| | Ang ating mga luha ay nagiging ginto | | | |
| | Ang sugat sa tuhod ay biglang maglalaho | | | |
| | May nais ka bang hindi makamtan-kamtan? | | | |
| | Walang imposible sa haraya | | | |
| | Ang araw ay rambutang laging nagbabaga | | | |
| | Ang buwan ay itlog ng butiking kalaro mo kanina | | | |

**Talahanayan 5**
**Antas ng Wika na Ginamit sa Maikling Kuwento**

| Pambansa | Panitikan | Lalawiganin | Kolokyal | Pabalbal |
|---|---|---|---|---|
| Bata<br>Barko<br>pantalan<br>bibig at ilong<br>Trabaho<br>Suweldo<br>Mansiyon<br>Libre<br>Damit<br>dibdib | Hampas ng unos ng kahirapan | Naisip niya iyon habang umiihi siya sa barko. Napansin niyang sira ang isang kasilyas at may nakalagay ngang "*Out of Order* / Guba Ni." | Eksaktong inaabót sa kanila ni Mang Ipe ang nakakalasutsong tigbi- bentesingko nang marinig nila ang nagsisisigaw at nagtatatakbong si Bolet. | "Tang 'na mo, nandekwat ka na naman ng saydmiror, no?!" |
| Paaralan<br>Magulang<br>Maynila<br>Kamay<br>Kawani<br>Bansa | Pinangarap niyang maging isang anghel | Halos malulón naman ang pantalan ng babaeng nakalingkis sa isang Kano, sa | Ekstra inkam, 'ika nga. | Hindi ito naka-"Eeek" man lang sa pananalasa ng El Niño at eto ngayon at |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kaibigan Barya | | laki ng halakhak nito. | | abalang-abala sila sa pagtataboy ng pastilang mga balang habang naghihintay ng panghahambalos ng La Niña. |
| Ina Pera buwan sabon plastik | "pusikit na sigarilyo" (pagsasalarawan ng pag-iisa at dilim ng buhay) | Hindi naman kalakasan ang pondahan, pero sapat na pára hindi na siya muling bumalik sa pagpo-porter. | "Tingni, parts! Etneb! Walang kahirap- hirap!" habang iwinawagayway ang hawak na pera. | |
| Kalawang Kumpare Mangilan-ngilan pagtataboy | Piging ng pangarap | Sa sahig ng kasilyas, may mga naglutaw pang kayumangging submarino. | Darating ang mga taga- TV at kailangang kahit papaano, hindi siyá o sila maging masyadong kaawa-awa. | Dati. Sina erpat at ermat. Ragbi Boys ka, 'no?" |
| | Hanggang sa ang pantalan ay maging isang maliit na nunal na lámang sa nguso ng dagat. | Hinubad ni Manong Ben ang pantalon niya at ipinatong sa takip. | Hindi iyon ang unang pagkakataon na may mga taga-TV na nagpunta sa may sinsilan. | |
| | Naging dagat ang pinagsasabunan | "Tagadiin diay ka?" | Tinutukan pa nga siya ng 3 at sinabing sa basurahan din siya pupulutin pag loloko-loko siyá. | D'yan ang haybol ni Erap." |
| | mga langgam sa asukal | 'Kala ku ba Bisaya pud ka?" | "Baket ba?" | "Gago," si Bolet habang iniilag ang hawak na benteng papel, "Mga taga-TV 'yon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tila lumabo ang mundo | Ang pinakamagagawa na lámang, e maghintay ng tatlong araw pára sa susunod na pagdunggò ng barko. | 'Lika, sáma ka sa akin. | "Tang 'na, ta-artits na naman tayo!" |
| | parang alitaptap sa kadiliman | Hapit na, bay. Pute na, 'nu?" | | |
| | pamimingwit ng pantat sa dagat | Mam! Diri, mam! | | "Naks, estudyante si Unyo, a" tukso ni Bolet. |
| | tipak na asukal" | Sir, diri pud, sir! | | Kinekebol nga ako, e." |
| | "hinihintay ng barko | | Pusikit iyon ng luha ng ina, naisip niya. Mobalik 'ku, 'Ma. Mobalik 'ku. Balikan ta mo ni Unday. | |
| | nalakbay ang Maynila | | Pwira bisita! Pwira bisita! Anunsiyo sa sentralisadong ispiker. | "Ayaw mo ba no'n, parts? |
| | ang munting pangarap na piguring anghel" | | Naghabulan pa sila sa palibot ng barko. | "Epals ka pala e! Si Luga nga, etneb lang ang binigay, nakapinger na." |
| | "nakatanaw ng papalapit na barko" (simbolo ng pag-asa) | | Lasing noong gabing iyon 'yong sikyu. | "Tigok na po." |
| | "kinapa niya ang plastik ng rugby" (simbolo ng | | Pinipigil niya ang pangungurog ng tuhod nang lumapit siyá sa | "ban-eyd" (balbal para sa band-aid) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | bisyo bilang pagtakas sa realidad) | | sikyu | |
| | "matataas na building" (simbolo ng ambisyon o matayog na pangarap) | | May taling labakara ang kaliwang kamay nito at ang kalawanging t-syirt ay nakapulupot sa may ulo-estilong isang Ninja. | "Toy" (tawag o pabalbal na tawag sa kabataan o kapwa batang lalaki) |
| | | | May pupugak-pugak na liwanag na párang aninipot sa madilim na bahagi ng pantalan. | "yosi" (sigarilyo) |
| | | | | "puwera bisita" (pabalbal na pahayag ng pagtaboy ng bisita) |
| | | | | "ragbi boys" (tawag sa mga batang gumagamit ng rugby bilang bisyo) |

**Talahanayan 6**
**Antas ng Wika na Ginamit sa Kuwentong Pambata**

| Pambansa | Pampanitikan | Lalawiganin | Balbal | Kolokyal |
|---|---|---|---|---|
| pamilya, magulang, anak, tatay, nanay, at kaibigan | Nagkulay-rosas<br>Malarosas na kutis<br>Mamula-mula ang kanilang kutis<br>Mahaba at makinis na binti nito ay parang makopa ang kulay | | | Iniisip ko lang po, kung naging puti ang balahibo n'yo, ano kaya ang hitsura n'yo? |
| Dakilang lumikha | Pusod ng isang basal na kagubatan<br>Nawalan ng malay-ibon | | | Teka, bakit iniisip n'yong puti ang balahibo ko? |
| | Kakulay natin ang mga anino ng puno<br><br>Black beauty<br><br>Yong balahibo nila kakulay ng ulap<br><br>Mayuming-mayuming aawit sa entablado | | | O, naisip mo naman ba'yan? |
| | Pang-Little Princess Songbird | | | Salamat, Tan. |
| | | | | Eh, kung ayaw mo akong tulungan, di huwag! |

## MGA TALAKAY

Inilahad sa bahaging ito ang kinalabasan ng isinagawang pagsusuri ng mananaliksik sa mga ginawarang akda ni German V. Gervacio na tulang pambata na (Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki", maikling kuwento (Sinsil Boys), at kuwentong pambata na (Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti) batay sa tayutay, istaylistiko at pormalistikong kasangkapan na ginamit ng may-akda sa kanyang pagsulat. Ang sumusunod ay ang mga natuklasan:

### 1. Mga Tayutay

1.1 Sa tulang pambata na "Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki ay kakikitaan ng paggamit ng metapora upang maipahayag ang malikhaing imahinasyon nito sa mga mambabasa. Ang paggamit ng metapora sa tulang ito ay nagpalawak ng saklaw ng imahinasyon, kung saan ang mga bagay na tila karaniwan o imposible ay nagkakaroon ng bagong anyo o kahulugan.

1. 2 Sa maikling kuwentong "Sinsil Boys" ay natunghayan ang palasak na paggamit ng personipikasyon, simili, at metapora upang mapatingkad ang kilos, gawi, at katangian ng mga tauhan na nagreresulta sa mas makahulugang karanasan para sa mga mambabasa.

1.3 Sa kuwentong pambata na "Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti," natuklasan ang malawakang paggamit ng iba't ibang tayutay na nagpapalalim at nagbibigay ng buhay sa mensahe ng kuwento, kung saan kabilang sa mga pangunahing tayutay na ginamit ay ang metapora, simili, at onomatopeya na may mahalagang papel sa pagpapahayag ng mga emosyon at kahulugan. Ang mga ito ay hindi lamang nagpapaganda ng akda kung hindi nagpapalawak din ng karanasan ng mga mambabasa. Ang kanilang kahalagahan ay makikita sa paraan ng pagpapahayag ng manunulat ng mga emosyon, ideya, at mensahe, na nakakatulong sa pagpapalalim ng pagkaunawa at pagpapahalaga ng mambabasa sa akda. Sa pamamagitan ng mga tayutay, nagiging mas masining at makulay ang akda, kaya't nagiging mas kapana-panabik ang karanasan ng pagbabasa.

Sa higit pang pagsusuri sa mga akdang nabanggit, natuklasang ginamit ng may-akda ang iba pang mga tayutay tulad ng aliterasyon, oksimoron, pangitain, iperbole, ironiya, anapora, alusyon, at tanong retorikal na nagdadagdag ng lalim at kulay sa buong akda. Ang mga tayutay na ito ay hindi lamang nagpapaganda ng akda kundi nagpapalawak din ng karanasan ng mga mambabasa. Ang kanilang kahalagahan ay makikita sa paraan ng pagpapahayag ng manunulat ng mga emosyon, ideya, at mensahe, na nakakatulong sa pagpapalalim ng pagkaunawa at pagpapahalaga ng mambabasa sa akda. Sa pamamagitan ng mga tayutay, nagiging mas masining at makulay ang akda, kaya't nagiging mas kapana-panabik ang karanasan ng pagbabasa.

## 2. Istaylistikong Teorya

### 2.1 Istaylistikong Kasangkapan Batay sa Istilo

#### Antas ng Wika

Ang tatlong akda ni German V. Gervacio na tulang pambata na (Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki), maikiling kuwentong (Sinsil Boys), at kuwentong pambata na (Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti) ay kakikitaan ng iba't ibang antas ng wika. Matutunghayan mula sa akda ang palasak na paggamit ng pormal na antas ng wika, ang pambansa at pampanitikan. Nariyan din ang hindi pormal na antas ng wika, ang kolokyal at balbal na antas. Gayunpaman, ang makulay na kombinasyon ng wikang pambansa, pampanitikan, kolokyal at balbal ay sumasalamin sa pambansang pagkakakilanlan at nagbibigay rin ng mas malawak na pagpapahalaga sa yaman ng ating lokal at tradisyunal na wika.

#### Pananaw

Sa tulang pambata na pinamagatang "Ang Totoo, Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki" ni German V. Gervacio batay sa pananaw o paningin na ginamit sa akda, natuklasang ginamit ang unang panauhin o *first-person point of view*, na nagbigay ng personal at direktang ugnayan sa mambabasa. Ang pananaw na ito ay nagiging mas makapangyarihan sa tema ng tula, kung saan ang imahinasyon ay itinuturing na paraan upang lampasan ang mga hamon ng buhay at makamit ang mga bagay na tila imposible.

Ang maikling kuwentong "Sinsil Boys" at kuwentong pambata na "Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti" ni German V. Gervacio naman ay kababakasan ng parehong pananaw. Ang pananaw ay nasa pangatlong tauhan o *third-person point of view*.

#### Paglalarawan

Natuklasang ginamit ng may-akda ang masining na paglalarawan sa kanyang akdang tulang pambata, maikiling kuwento, at kuwentong pambata. Sa tulang pambata, makikita ang masining na paglalarawan sa pamamagitan ng paggamit ng *vivid imagery*, matatalinghagang wika, metapora, at personipikasyon sa akda na nagbibigay-buhay sa mga simpleng karanasan at nagdadala ng panibagong kahulugan sa karaniwang buhay.

Sa maikling kuwento, makikitang nakasulat sa masining at detalyadong paglalarawan ang akda. Ang masining na paglalarawan ng kapaligiran, mga tauhan, at mga emosyon ay nakatutulong para sa mga mambabasa na mailarawan sa isipan ang mga pangyayari o mga eksena. Sa pamamagitan din ng paggamit ng mga detalyadong paglalarawan ng kapaligiran o pagkilos ng mga tauhan ay nabibigyang-diin ang tema ng kuwento na nakakatulong upang maramdaman ng mambabasa, lalo na ng mga bata, ang damdamin ng mga tauhan sa akda.

### Tayutay

Sa tatlong akdang sinuri, natuklasan ang malawakan at mabisang paggamit ng iba't ibang uri ng tayutay sa bawat akda bilang istilo. Kabilang sa mga namumukod-tanging tayutay ay ang metapora, simili, at personipikasyon. Mga elementong nagiging mahalagang bahagi sa pagbibigay-buhay, damdamin, at lalim sa mga akda. Ang paggamit ng mga tayutay na ito ay naging daan upang maipakita ang masining at makulay na representasyon ng mga emosyon, tauhan, at kaganapan. Sa pamamagitan ng metapora at simili, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa abstraktong konsepto habang inilalapit ito sa karanasan ng mga mambabasa. Samantala, ang personipikasyon ay nagdaragdag ng damdamin at enerhiya sa kuwento, nagbibigay-katauhan sa mga bagay at likas na elemento. Ang lahat ng ito ay nagiging instrumento upang mas mailapit ang mga akda sa puso’t isip ng mga mambabasa, na nagpapalawak ng kanilang karanasan at pananaw.

## 2.2 Istaylistikong Kasangkapan Batay sa Pagkamalikhain

### *Literary devices*

Sa pagsusuring ginawa sa tatlong ginawarang akda, napag-alaman na ginamit ng may-akda ang iba’t ibang uri ng kasangkapang pampanitikan upang maghatid ng mas malalim na kahulugan at epekto sa mga mambabasa. Matutunghayan sa tatlong akda ang *imagery*, *juxtaposition* o paglalagay ng dalawang magkaibang bagay, karakter, o elemento sa tabi ng isa’t isa upang lumikha ng tensyon, kontradiksyon, o ironiya sa akda, simbolismo, at *foreshadowing*. Ang nabanggit na mga kagamitang pampanitikan ay nagbigay ng mas malalim na kahulugan sa mga akda ni German V. Gervacio, at nakatulong ito sa masining na pagbuo ng mga tema, mensahe, at karanasang nais iparating ng may-akda sa kanyang mga mambabasa.

## 3. Pormalistikong Teorya

### 3.1 Pormalistikong Kasangkapan Batay sa Istilo Elemento

Sa pagsusuring ginawa sa tulang pambata na (Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki) ni German V. Gervacio, natuklasang ang tula ay nagpapamalas ng kalayaan sa anyo at malikhaing pagpapahayag na nagtatampok ng malayang taludturan at ritmong nagpapalalim sa tema ng imahinasyon. May kakulangan sa estriktong sukat ang nasabing akda, subalit pinananatili nito ang organisasyon ng ideya na sumasalamin sa modernong estilo ng pagsusulat at pagsuporta sa pagiging malikhain. Taglay nito ang hindi ganap na tugmaan, ngunit ang mga ito naman din ay may himig at kasiyahan sa pagbabasa na nagdaragdag ng dinamismo at nagpapalalim sa damdamin ng mambabasa.

Sa mga akdang Sinsil Boys at Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti, natuklasang magkaiba ang kaparaanan ng may-akda sa pagsulat nito. Ang maikling kuwento ay hindi

sumusunod sa tradisyunal na *linear* na balangkas, dahil sa paggamit ng *flashbacks*. Sa kabilang banda, ang kuwentong pambata naman ay naisulat sa tradisyunal na banghay.

**3.2 Anyo Ayon sa Uri at Nilalaman**

Ang akdang may pamagat na "Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki" ay isang tulang pambata na nagpapahayag ng tema ng haraya o imahinasyon bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng pananaw sa buhay, na nag-aanyaya sa mambabasa na tuklasin ang mundo sa mas makulay at mas malalim na paraan.

Ang Sinsil Boys ay isang uri ng akda na maikling kuwento. Ipinakita nito ang pagsusumikap ng mga kabataan sa masalimuot na realidad ng buhay sa isang lipunang may malaking puwang sa pag-asa at katotohanan, at kung paano nila hinaharap ang kanilang realidad. Ang tema nito ay nagpapahiwatig ng mas malalim na mensahe tungkol sa lipunan at kung paano naaapektuhan ang mga kabataan sa ganitong sitwasyon.

Ang "Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti" ay isang uri ng akda na kuwentong pambata na may layuning magturo ng mga moral na aral sa mga kabataan. Mababanaag mula sa akda ang mahalagang paalala na hindi tayo kailangang magbago para magustuhan at umayon sa pamantayan ng iba sapagkat ang tunay na kagandahan ay nagmumula sa pagtanggap at pagmamahal sa ating sarili.

**3.2 Pormalistikong Teorya**

**Pormalistikong Kasangkapan Base sa Pagkamalikhain**
**Kagamitang Pampanitikan (Simbolismo)**

Natuklasan sa mga ginawarang akda ni German V. Gervacio ang mga sumunod na simbolismo:

Tulang Pambata- Ang Tinyente Tipaklong at Prinsipe Paruparo ay sumisimbolo ng kalayaan at pantasya, habang ang simpleng pagkain ay nagpapakita ng kakayahan ng imahinasyon na gawing magaan ang buhay sa gitna ng kahirapan. Ang luha at sugat ay nagsasaad ng positibong pagbabago mula sa mga negatibong karanasan. Ang paraiso ay kumakatawan sa isang mental na estado ng kapanatagan at kasiyahan, malayo sa materyal na mundo. Samantala, ang Haraya ay sumisimbolo sa imahinasyon bilang paraan ng pagtakas mula sa realidad ng buhay.

Maikling Kuwento- Ang “sinsil” ay sumisimbolo sa kanilang lakas, pagsusumikap at determinasyon. Ang "kalawang" ay simbolo ng mga hirap at dumi ng buhay na kailangang linisin o lampasan.

Kuwentong Pambata- Ang kulay itim na uwak ay sumisimbolo ng likas na kalikasan at pagkakakilanlan, pagkakaiba at katang-tangi. Ang puting tagak ay sumisimbolo ng pamantayan ng lipunan ukol sa kagandahan at pagiging perpekto samantala ang dagta ay sumisimbolo ng isang produktong pampaganda at ang kulungan ay isang bagay na

sumisimbolo ng limitasyon at mapait na ekspektasyon ng iba.

## Konklusyon

Ang tatlong akda ni German V. Gervacio na "Ang Totoo Raya, Ang Buwan ay Itlog ng Butiki," "Sinsil Boys," at "Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti" ay naging makabuluhan sa pagsusuri hindi lamang bilang mga likhang-sining kung hindi bilang mga salamin ng karanasan, imahinasyon, at pagkataong Pilipino. Ang malikhaing pagsasama ng wika, tayutay, at pampanitikang elemento ay hindi lamang nagpapalalim ng tema sa mga akda kung hindi nagiging daan din upang higit na maunawaan at mapahalagahan ng mambabasa ang kahalagahan ng sining at panitikan sa buhay. Dahil dito, mahihinuhang ang pagkakaroon ng istilo ng pagsulat ni German V. Gervacio na may mga kasangkapang istaylistiko at pormalistiko ay nagpapanalo sa kanya sa Gawad Palanca Memorial Awards. Ang kakaibang pamamaraan ng pagsusulat ni German V. Gervacio ay makikita sa kanyang kakayahang gumamit ng mga tayutay, istaylistiko, at pormalistikong kasangkapan sa kanyang mga akda, gaya ng tulang pambata, maikling kuwento, at kuwentong pambata na ginawaran ng Gawad Palanca Memorial Awards. Sa kabuuan, ang istilo ni German V. Gervacio ay nakaugat sa kakayahan niyang maglahad ng karaniwang bagay sa di-karaniwang lente na nagiging daan upang magdala ng malalim na mensahe at emosyon sa kanyang mga mambabasa.

## Mga Rekomendasyon

Nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral.

1. Inirerekomendang magsagawa ng mas malawakang pagsusuri sa iba pang akda ni German V. Gervacio o iba pang manunulat na Pilipino upang higit na maipakita ang kahalagahan ng tayutay, estilo, at kasangkapan sa pagpapayaman ng panitikang pambata at panitikang Pilipino sa kabuuan.
2. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay maaaring pagbatayan at gamitin ng mga mag-aaral upang makabuo ng isang tulang pambata, maikling kuwento, at kuwentong pambata.
3. Ipagpatuloy ang pagsusuri sa iba't ibang pananaw o perspektibo sa pagsusulat upang maipakita ang epektibong paggamit ng *first-person* at *third-person point of view* sa pagbibigay-buhay sa mga tauhan at tema ng akda.
4. Magsagawa ng pananaliksik sa iba pang kasangkapang pampanitikan na maaaring magamit sa pagsusulat upang maipakita ang mas makulay at masining na paraan ng pagpapahayag ng emosyon, ideya, at naratibo sa panitikan.
5. Ang iba pang mga akda ni German V. Gervacio o mga premyadong awtor ay maaaring gamitin para sa parehong pag-aaral na makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang iba pang uri ng panitikan.
6. Magbigay ng suporta ang mga paaralan, tulad ng mga paligsahan, *publishing grants*, o iskolarsyip, para sa mga baguhan na manunulat, upang masiguro ang patuloy na paglago ng panitikang Pilipino.

## Pagsunod sa mga Etikal na Pamantayan

Matapos mabigyan ng pahintulot o clearance mula sa *Ethics Review Board* (ERB), sinimulan ng mga mananaliksik ang pag-aaral sa mga ginawarang akda ni German V. Gervacio. Ang tugon at pahintulot ng may-akda ang naging hudyat upang simulan ang pagsusuri ng kanyang mga ginawarang akda sa Carlos Palanca Memorial Awards. Isinagawa ang pananaliksik na ito sa loob ng apat na buwan noong taong 2024. Ang pag-aaral na ito ay hindi nagpakita ng anumang *conflict of interest*, bagkus ay isinagawa lamang para matugunan ang mga kasagutan sa mga katanungan at layunin ng pananaliksik.

## Pagkilala

Taos-pusong nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa mga taong tumulong at sumuporta para mabuo ang tesis na ito lalong-lalo na kina:

**Dr. Jean J. Roy,** dekana sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Holy Name University, sa kanyang suporta na pahintulutang isagawa ang pananaliksik na ito at sa oras na inilaan para dito.

**Prop. Fe N. Conui**, ang tagapayo, sa kanyang walang pagdadalawang-isip na tanggapin ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng paglaan ng panahon sa pagbasa at pagwasto ng kanilang papel-pananaliksik at higit sa lahat para sila ay alalayan.

Sa mga miyembro ng panel, **Dr. Ethel S. Doria**, **Prop. Jaremilleta M. Arawiran** at **Prop. Noel P. Tuazon,** para sa gabay at mahahalagang mungkahi sa mga mananaliksik para sa ikabubuti at ikatatagumpay ng pag-aaral na ito.

Sa kanilang mga **magulang**, para sa walang sawang pagmamahal at sa tulong pinansyal. At sa kanilang mga kapatid, kamag-anak at kaibigan, para sa moral at ispiritwal na suporta upang maging matatag ang mga mananaliksik at makayanang tapusin ang pananaliksik na ito.

Higit sa lahat sa **Poong Maykapal**, para sa biyaya, lakas at tibay ng loob, at liwanag na ipinagkaloob sa kanilang mga puso at isipan.

## REFERENCES

Adigue A.P. (2023). Kontekstwal na Pagsusuri sa mga Kuwentong Pambata; Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(2), 113-122. Retrieved from: https://eprajournals.com/IJMR/article/10072/abstract

Aguila, C.J. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan.

Retrieved from: https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/380/232
Arbasto, M. L. (2019). Katotohanang Panlipunan Sa Mga Piliing Maikling Kuwentong Pilipino Ni Vicente Sotto, Sr.: Isang Pamaksang Pagsusuri Retrieved from: https://www.ub-urc.ph/index.php/aubgsps/article/view/143/pdf_16
Gawad Palanca Awards History. Retrieved from: http://www.palancaawards.com.ph/index.php/history
Gervacio, G.V. (2009). Si Tanya, Ang Uwak na Gustong Pumuti. Retrieved from: Lampars Publishing House, Inc.
Gorumba J. (2019). Pagsasalin at Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan ni Jesus Sanchez. Retrieved from: https://oaji.net/articles/2020/1543-1585281163.pdf
Lukens, R. J (1995). A Critical Handbook of Childrens's Literature. HarperCollins College Publishing
Mandado J.O. (2020). Pagtuklas sa mga Piling Maikling Akda ni P.V. Villafuerte sa Realismong Pananaw. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/345213789_Pagtuklas_sa_mga_piling_maikling_akda_ni_P_V_Villafuerte_sa_realismong_pananaw
Mcguire, S.L. (1982). Promoting Positive Attitudes Toward Aging: Literature for Young Children. Childhood Education, 69, 204-210.
Nibalvos, I.M. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. Retrieved from: https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf
Norton, D.E. (2003). Through the Eyes of a Child: An Introduction to Children's Literature. Pearson Education, Inc.
Orguino W.V at Acala M. (2021). Pagmamahal sa Likod ng Sandosenang Sapatos: Sipat-Suri sa Akda ni Luis P. Gatmaitan. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/354650939_PAGMAMAHAL_SA_LIKOD_NG_SANDOSENANG_SAPATOS_SIPAT-SURI_SA_AKDA_NI_LUIS_P_GATMAITAN
Villafuerte, P. (2000). Panunuring Pampanitikan (Teorya at Pagsasanay). Mutya Publishing House, Inc.

**APA Citation:**

Cesar, L. M. P., Francisco, J. A. E., Conui, F. N., Dominisac, D. A. G., & Yungao, M. A. P. (2025). MGA GINAWARANG AKDA NI GERMAN V. GERVACIO: ISANG ISTAYLISTIKO AT PORMALISTIKONG PAGSUSURI. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(7), 288–310. https://doi.org/10.5281/zenodo.15870280

*cesar.louwill_marie@hnu.edu.ph*
*francisco.juvy_ann@hnu.edu.ph*
*fconui@hnu.edu.ph*
*dominisac.dorothy_ann@hnu.edu.ph*
*yungao._mark_anthony@hnu.edu.ph*